



Salamat sa pagpili sa Overlake Medical Center bilang inyong provider ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan. Nais naming maging maganda ang inyong karanasan sa amin hangga't maaari, mula sa panahon na magparehistro kayo para sa mga serbisyo hanggang sa panahon na matapos ang inyong account ng pasyente. Alam naming maaaring magkaroon ng mga problema sa pananalapi habang tumaanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan at nais naming ipaalam sa inyo na nag-aalok kami ng mga programa upang matulungan kayo. Mayroon kaming mga tagapayo sa pananalapi na ikatutuwang sagutin ang anumang mga tanong na maaaring mayroon kayo tungkol sa aming mga programa at maaari nila kayong matulungan na mag-apply para sa pinakamainam na programa para sa inyo.

MGA PROGRAMA NG DISKWENTO PARA SA AGARANG PAGBABAYAD

Available lang ang programang ito para sa mga medikal na kinakailangang serbisyo na hindi nasasaklawan ng insurance. Naaangkop din ang programang ito sa mga pasyenteng kwalipikado sa programa ng medikal na insurance, ngunit hindi nasasaklawan ng insurance dahil naabot na nila ang mga limitasyon ng kanilang benepisyo. Bibigyan ang pasyente ng 30% diskwento mula sa kabuuang babayaranang halaga sa pamamagitan ng pagbabayad ng buong balanse sa Overlake Medical Center at/o mga Overlake Medical Clinic sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng unang statement ng pagsingil. Mangyaring makipag-ugnayan sa isang tagapayo sa pananalapi sa 425.688.5655 o tumawag sa 425.688.5299 upang gumawa ng mga kasunduan upang matanggap ang diskwento.

MGA PROGRAMA NG PLANO NG MAS MATAGAL NA PAGBABAYAD

Natutuwa kaming makipagtulungan sa inyo upang makabuo ng plano sa pagbabayad nang walang interes. Ang aktwal na buwanang pagbabayad at ang tagal ng kontrata ay magdedepende sa inyong natitirang balanse. Hinihiling sa inyo ng lahat ng plano sa pagbabayad na magbayad kayyo ng buwanang pagbabayad na nakabatay sa nasa kontratang iskedyul at halagang napagkasunduan sa mga tagapayo sa pananalapi ng Overlake. Para sa mga tanong patungkol sa mga plano sa pagbabayad, mangyaring tumawag sa 425.688.5299.

PROGRAMA NG TULONG SA PANANALAPI

Available ang programang ito upang magbigay ng tulong sa pananalapi sa bahagi ng pananagutan ng pasyente ng inyong claim pagkatapos na magbayad ang insurance, o kung walang benepisyo sa insurance. Depende sa inyong partikular na sitwasyon sa pananalapi sa oras ng pagbibigay ng serbisyo, maaari kayong magkwalipika para sa 65% hanggang 100% diskwento sa balanse ng inyong account. Nakadepende ang halaga ng diskwento sa inyong kita bilang porsyento ng Federal Poverty Guidelines at nauugnay sa inyong balanseng dapat bayaran. Upang mag-apply para sa programang ito, kakailanganin mong humiling at kumumpleto ng FINANCIAL ASSISTANCE APPLICATION pagkatapos na maibigay ang mga serbisyo at/o sa sandaling malaman mo ang inyong pananagutan sa pananalapi. Hihilingin sa inyo ng application na magbigay kayo ng partikular na impormasyon tungkol sa inyong kita at inilalaan ng Overlake Hospital Association ang karapatang magsagawa ng pagsusuri sa kredito na nauugnay sa pangangalaga sa kalusugan (na hindi nakakaapekto sa rating ng inyong kredito) habang pinoproseso ang application. Mangyaring tumawag sa 425.688.5299 para sa mas detalyadong paliwanag ng programang ito, o upang humiling ng application.

NALALAPAT LANG ANG TULONG SA PANANALAPI PAGKATAPOS NA

MATANGGAP ANG LAHAT NG IBA PANG MGA OPSYON SA PAGBABAYAD, KABILANG ANG DSHS AT MGA KASO NG PANANAGUTAN NG THIRD-PARTY (HAL. PAGKAKASAKLAW SA AKSIDENTE SA SASAKYAN O IBA PANG URI NG AKSIDENTE).

EC20160301-